

Pahayag ng Office of Financial Management (Opisina ng Pangangasiwa sa Pananalapi) may kinalaman sa Pro-Equity Anti-Racism (Pabor sa Pagkakapantay-pantay sa Kontra sa Diskriminasyon sa Lahi)

Noong Marso 22, 2022, nilagdaan ni Goberbador Jay Inslee ang [Ehekutibong Kautusan 22-04](#), Pagpapatupad sa Plano at Gabay para sa Pro-Equity Anti-Racism (Pabor sa Pagkakapantay-pantay at Kontra sa Diskriminasyon sa Lahi, PEAR) ng Estado ng Washington. Ipinag-uutos nito sa lahat ng ehekutibong sangay na ahensya, lupon at komisyon ng estado na makipagtulungan sa Office of Equity (Opisina ng Pagkakapantay-pantay) sa pangakong maging isang sistema ng pamahalaan na kontra sa diskriminasyon sa lahi.

Nakatuon ang Office of Financial Management (Opisina ng Pangangasiwa sa Pananalapi) sa pagtataguyod ng ehekutibong kautusan na ito ukol sa pagpapatupad ng ating mga patakaran, kasanayan at programa. Nakikibahagi tayo sa nagkakaisang pangitain ng pagkakapantay-pantay at kontra-diskriminasyon sa lahi, at naniniwala tayong ang bawat indibidwal na nakatira sa Washington ay may karapatang mabuhay at sumulong sa kanilang mga komunidad.

Bagaman nakaatang sa ating lahat ang pagpapatupad na ito, maaaring iba-iba ang mga responsibilidad. Ang ating ehekutibong team at iba pang kawani na may mga tungkulin sa pamumuno sa ating buong ahensya ay magtutuon ng pansin sa maraming bahagi ng gawain na nauugnay sa partikular na mga linya ng negosyo. Bukod pa ryan, nakatuon tayo sa:

- Paggamit ng pantay-pantay na mata sa lahat ng serbisyong ibinibigay natin — parehong sa loob at sa labas — sa mga kostumer at komunidad na pinagsisilbihan natin sa buong estado. Sa paggawa nito, makakatulong tayo sa pagbuwag sa mga hadlang sa sistema na pumipigil sa lahat ng indibidwal mula sa pagkakaroon ng parehong access sa mga oportunidad at serbisyo. Gagamit din tayo ng mga data metric para matukoy ang mga prioridad habang sinusukat ang ating pagsulong.
- Pagsusuri sa ating indibidwal na epekto at progresong nauugnay sa pagkakapantay-pantay sa ating partikular na mga tungkulin. Malugod nating tatanggapin ang feedback at itataguyod ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagtugon sa mga alalahanin nang mabilis at may respeto. Aktibo nating tutukuyin ang mga bahaging nangangailangan ng atensyon. Kapag hindi posible iyan, tutugon tayo nang may kahusayan at pag-iingat.
- Pagpapanatili sa pagkakapantay-pantay bilang sentro sa lahat ng ating kasanayan — simula sa pahayag ng ating misyon, pangitain at pinahahalagahan na mag-uudyok sa ating gawain at mga relasyon.

Sa susunod na mga buwan, magdaraos tayo ng mga coffee chat para magbahagi ng impormasyon at makinig sa inyo may kinalaman sa kahulugan ng pagkakapantay-pantay para sa inyo at kung paano ninyo ito magagamit sa inyong gawain. Magbibigay-daan ito sa amin para marinig ang mga halimbawa ng pagsasabuhay sa pagkakapantay-pantay.

Ang ating panloob na Pro-Equity Anti-Racism Team (Pabor sa Pagkakapantay-pantay at Kontra sa Diskriminasyon sa Lahi) ay nagsimula ng pulong noong nakaraang taglagas upang makipag-partner sa Office of Equity (Opisina ng Pagkakapantay-pantay) sa ating Plano ng Estratehikong Plano ng Pagkilos na nauugnay sa mga kasanayan na may pagkakapantay-pantay sa ating buong linya ng negosyo.

Pinananabikan natin ang gawain at partnership na ito sa Office of Equity (Opisina ng Pagkakapantay-pantay), sa ating mga panloob na team, mga kostumer at mga stakeholder. Kung mayroon kayong naiisip o mungkahi, pakikontak ang ating Opisyal para sa Equity (Pagkakapantay-pantay) sa info@ofm.wa.gov

David Schumacher at Emily Beck